APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa bawat isa sa atin? Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa iyo at sa pamamagitan mo?
- Batay sa iyong natutunan, tungkol sa ginagawa ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay, ano ang pinaka-angkop sa iyong sitwasyon ngayon? Paano nito magagawang baguhin ang paraan mo ng pagtugon sa sitwasyong ito?
- Magtala ng tatlo hanggang limang tao na maaari mong ipanalangin ngayong linggo. Hingin sa Diyos na gamitin ka upang palakasin ang kanilang loob at magbigay buhay sa kanila sa pamamagitan ng iyong pananalita.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Banal na Espiritu na naninirahan sa atin—tinutulungan at tinuturuan tayo sa lahat ng bagay.
- Ilaan ang ating mga katawan bilang templo ng Banal na Espiritu. Ipanalangin na mapasaatin ang kakayahan ng Diyos habang tayo ay patuloy na sumusunod sa Kanya.
- Ipanalangin na tayo ay maging patotoo tungkol sa kung sino ang Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa atin.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

Ang Banal na Espiritu

NOTES

WARM-UP

- Kung maaari mong gawin ang anumang bagay sa iyong buhay, ano ang iyong gagawin? Bakit?
- Kanino ka pumupunta kung kailangan mo ng gabay? Bakit?
- Alalahanin ang isang pagkakataon kung kailan nakaranas ka at ang isa pang tao ng hindi pagkakaunawaan. Paano ito naayos?

WORD *Ngayon, ang binabanggit ditong Panginoon ay ang Banal na Espiritu, at kung ang Espiritu ng Panginoon ay nasa isang tao, malaya na siya.* **2 CORINTO 3:17**

Kadalasan, maraming Kristiyano ang hindi naiintindihan kung sino nga ba ang Banal na Espiritu. Ang Apostle's Creed ay nagpapatibay sa lahat ng Kristiyanong paniniwala tungkol sa Banal na Espiritu. Siya ay bahagi ng *Trinity*—Ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu—ang tatlong persona ng *Godhead* na namumuhay nang may ganap na pagkakaisa. Dahil dito, ang Banal na Espiritu ay Diyos; Siya ay hindi isang puwersa o espirituwal na pananaw lamang. Sa araling ito, ating titingnan kung paano kumikilos ang Banal na Espiritu sa ating mga buhay.

1 Ang Banal na Espiritu ay naninirahan sa atin.

[16]Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo? [17]Ang sinumang wawasak sa templo ng Diyos ay parurusahan niya, dahil banal ang templo ng Diyos. At ang templong iyon ay walang iba kundi kayo.
1 CORINTO 3:16,17

Bilang mga Kristiyano, ang Banal na Espiritu ay naninirahan sa atin. Nangangahulugan ito na ang ating katawan ay templo ng Diyos at dapat nating ibigay ang ating katawan bilang mga handog na buhay para sa Kanya (Mga Taga-Roma 12:1). Ito ay magiging totoo sa pamamagitan lamang ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay, at pagtulong Niya sa atin na mamuhay ayon sa kagustuhan ng Diyos. Hindi tayo mag-isa sa ating buhay—kasama natin ang Banal na Espiritu. Paano nito napagagaan ang iyong pakiramdam?

2 Ang Banal na Espiritu ay tumutulong sa atin.

"Pero kapag nakaalis na ako, ang Tagatulong na walang iba kundi ang Banal na Espiritu ang ipapadala ng Ama bilang kapalit ko. Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala sa inyo ng lahat ng mga sinabi ko sa inyo." **JUAN 14:26**

Ang Banal na Espiritu ay tinutulungan tayo na maintindihan at maalala ang Salita ng Diyos. Ipinapaalala Niya sa atin ang katotohanan. Tinutulungan din tayo ng Banal na Espiritu sa ating mga kahinaan (Mga Taga-Roma 8:26), upang tayo ay mabuhay sa gabay ng ebanghelyo. Sa tuwing nararamdaman natin na tila nag-uumapaw ang mga pagsubok sa ating buhay, maaari nating hingin sa Banal na Espiritu na palakasin tayo sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Ano ang ipinangako ng Diyos sa atin? (Juan 14:18)

3 Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay kakayahan sa atin.

"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo." **MGA GAWA 1:8**

Ibinigay sa atin ang Banal na Espiritu hindi lamang upang tayo ay maging banal, kundi upang tayo ay magkaroon ng kakayahan na maging patotoo para sa ebanghelyo. Binibigyan Niya tayo ng kapangyarihan habang tayo ay tumutulong sa mga tao kung paano maging tagasunod ni Jesus. Ipinangako Niya na Siya ay kasama natin saan man tayo magpunta. Tayo ay hindi humahayo dala lamang ang ating sariling lakas. Bibigyan Niya tayo ng kapangyarihan upang masabi natin ang mga tamang salita. Paano ka nabigyan ng Banal na Espiritu ng kakayahan na maging mabuting patotoo?